Lungsod ng Long Beach
Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon
(Public Information Office)
411 W. Ocean Blvd,
Long Beach, CA 90802

PAHAYAG PARA SA PRESS

4/13/2020

PARA SA AGARANG PAGLABAS Pahayag para sa Press # 041320

Paksa: Humigit sa $1,000,000 ang Coronavirus na Pundong Tulong (Coronavirus Relief Fund) sa Long Beach at Pinapalawak ang mga Prayoridad na Pinondohan
Mahigit sa 30 na mga Nonprofit ang Nabigyan ng Pondo upang Magbigay Tulong sa mga Residente ng Long Beach

Kontak: Lungsod ng Long Beach Joint Information Center
562.570.INFO
jic@longbeach.gov

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach, sa pakikipagtulungan sa Long Beach Community Foundation, ay nakalikom ng higit sa $1,000,000 mula sa mga miyembro ng pamayanan, negosyo at family foundation upang matugunan ang mga isyung may kaugnayan sa coronavirus sa Long Beach. Humigit-kumulang kalahati ng halagang nalikom ay naibigay na sa pamayanan upang matugunan ang kasalukuyang krisis sa kalusugan ng publiko, at ito ay patuloy na ginagawa sa linggong ito na may inanunsyong pinaka-updated na prayoridad na popondohan.

"Ang mga residente ng Long Beach, mga negosyo, at mga foundation, ay gumagawa ng hakbang upang matulungan ang ating lungsod sa panahong ito ng krisis sa kalusugan," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Nakikita namin ang lubos na pagtutulungan sa mga panahong ito ng kagipitan at labis kong ipinagmamalaki ang mga gawaing ginagawa sa pamamagitan ng mga non-profit upang suportahan ang ating pamayanan."

Ang Coronavirus Relief Fund (Coronavirus na Pondong Tulong) ay nagsimulang tumanggap ng mga donasyon noong Marso 18, 2020 sa pamamagitan credit card text-to-give, PayPal at mga tsekeng kontribusyon mula sa mga pampublikong donor. Agad na sinimulan ng Long Beach Community Foundation ang pagkolekta ng mga donasyon habang sabay ang pagbuo ng isang programa upang maipamahagi ang mga pondo nang mabilis balik sa pamayanan upang suportahan ang limang tinukoy na mga prayoridad sa pagpopondo na kinabibilangan ng:

- Pagsisilbi sa mga indibidwal na may mababang kita na apektado ng COVID-19 para makabayad sa mga kritikal na gastos;
- Ang mga Microloan at/o mga pondo sa maliliit na negosyo na apektado ng COVID-19 para makapagbayad sa mga kritikal na gastos at iakma ang mga modelo ng negosyo sa panahon ng krisis na ito;
- Ang pagbibigay ng mga emergency na pondo para sa mga manggagawang nawalan ng trabaho bilang resulta ng COVID-19;
- Pagbibigay tulong sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan para may matuluyan, pagkain, mga gamit sa kalinisan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, at sa pag-quarantine bunga ng pagkaka-expose sa COVID-19, at
- Pagbibigay ng pagkain at kritikal na paghahatid ng suplay sa mga nasa bahay.

Lungsod ng Long Beach
Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon
(Public Information Office)
411 W. Ocean Blvd,
Long Beach, CA 90802

Naidagdag ngayon ang karagdagang mga prayoridad na pinondohan upang patuloy na masuportahan ang pinakahigit na mga pangangailangan ngayon sa Long Beach:

- Suporta para sa mga Emergency Health Worker – Pagbibigay sa mga nonprofits na makakatulong sa mga klinika ng pamayanan at mga ospital na tumutugon sa dagdag na pagdami ng pasyente, pag-triage sa mga may sakit, na-expose o nangangailangan ng pagsusuri, at upang suportahan ang mga lugar ng paghihiwalay (isolation) at mga quarantine na itinatag at pinatatakbo sa Long Beach.
- Suporta para sa Pangkaisipang Kalusugan at Karahasan sa Tahanan na mga Matutuluyan (Mental Health & Domestic Violence Sheltering) – Pagbibigay sa mga nonprofits na susuporta sa mga umiiral na mga serbisyong pangkaisipang kalusugan at karahasan sa tahanan na kailangang palawakin dahil sa pagtaas ng demanda mula sa mga epekto ng coronavirus.

"Habang ang mga programang tulong ng Pederal at Estado ay binubuo, ang Long Beach Community Foundation ay nagtakda ng parehong pagpopondo at isang proseso para sa mabilis na pagbibigay ng mga mapagkukunan," ayon sa Pangulo at CEO ng Long Beach Community Foundation na si Marcelle Epley. "Ang pagkakaroon ng maingat na advanced na pagpaplano, isang malalim na kaalaman sa pamayanan at mga nonprofit ay nakatulong na mailunsad ng mahusay ang programang ito, na napapakinabang ng libu-libong mga residente ng Long Beach kung saan ang matindi ang pangangailangan."

Mahigit sa $475,000 ang naipamahagi sa mga 31 nonprofit na nakapagbibigay tulong sa pamilya para may makain, nagbibigay ng matutuluyan sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, nagbibigay ng mga pangunahing mapagkukunan sa mga negosyo at sumusuporta sa mga mahihinang populasyon na na-quarantine sa panahong ito ng krisis sa pampublikong kalusugan. Ang mga indibidwal na organisasyon ay ginawaran ng hanggang sa $20,000 bawat isa, at ang grant application process (proseso ng aplikasyon sa pagbibigay) ay magpapatuloy hangga't pinapayagan ang pagpopondo.

Para sa pagbibigay ng kontribusyon:

- Text: Mag-txt ng “SupportLB” sa 501-55 at sundin ang mga prompt sa pag-donate.
- PayPal: Gumamit ng PayPal sa online o ang smartphone application sa @SupportLB.
- Credit Card: Bumisita sa longbeachcf.org para punan ang secure online na form.
- Tseke: Ang mga tsekeng donasyon ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Long Beach Community Foundation, 400 Oceangate, Suite 800, Long Beach, CA 90802. Mangyaring isulat ang Long Beach Coronavirus Relief Fund sa memo na seksyon ng iyong tseke.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram.

Tungkol sa Long Beach Disaster Relief Fund (Pundong Tulong sa Long Beach Dulot ng Sakuna)

Noong 2018, itinatag ng Long Beach Community Foundation at Lungsod ng Long Beach ang Long Beach Disaster Relief Fund para sa pagbibigay ng pondo sa 501(c)3 na mga non-profit na organisasyon at mga institusyon ng gobyerno at edukasyon para sa mapakinabangan ng mga residente ng Long Beach na naghihirap dahil sa epekto ng mga sakuna.

Lungsod ng Long Beach
Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon
(Public Information Office)
411 W. Ocean Blvd,
Long Beach, CA 90802

Tungkol sa Long Beach Community Foundation

Ang Long Beach Community Foundation ay isang 501(c)3 na non-profit, pampublikong organisasyon na may higit sa $55 milyon na mga assets at 176 na pondo para sa kawanggawa. Itinatag ito noong 1996 upang makagawa ng mga estratehikong pagbibigay sa mga non-profit at tulungan ang mga indibidwal na donor sa kanilang mga pangkawanggawang mga layunin ngayon at sa pamamagitan ng nakaplanong pagbibigay. Ang mga bayarin na sisingilin upang pamahalaan ang mga pondo ng kawanggawa sa Foundation ay nai-invest nang direkta pabalik sa pamayanan. Ang misyon ng LBCF ay upang magsimula ng positibong pagbabago para sa Long Beach sa pamamagitan ng kawanggawang pamimigay, pamamahala, at estratehikong pagbibigay upang magbigay pananaw bilang pangunahing katiwala ng mga pondo na patuloy na nagsisilbi sa mga pangangailangan ng Long Beach. Ang mga operasyon sa LBCF ay pinangunahan ng Pangulo at CEO na si Marcelle Epley at ang pangangasiwa ay mula sa Board Chair Gary DeLong, Bise Chair Robert Stemler, at mga miyembro ng Board na sina Michele Dobson, Bob Foster, Tony Gales, Mark Guillen, Donita Joseph, Annette Kashiwabara, Steve Keesal, Kevin Peterson, Frank Newell, Suzanne Nosworthy, at Judy Ross.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 480,000 katao, ang isang multiple award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class amenities ng isang malaking metropolitan na lungsod habang pinapanatili ang isang malakas na indibidwal at may iba-t ibang uri ng pamayanan na nasa baybayin ng California. Bilang isang full-service charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang highly-rated na distrito ng paaralan, Long Beach Airport, Port ng Long Beach, pati na rin ang maraming award-winning na mga kagawaran ng Lungsod tulad ng Health, Parks, Recreation at Marine, Development Services at marami pa. Ang Lungsod ay mayroon ding mga respetadong unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang ranchos, limang ospital, limang golf course, 170 na parke, milya ng mga dagat, marina, mga daanan para sa bisekleta at isang Bike Share na programa.

# # #

Para sa higit pang mga balita, larawan, video at mga anunsyo sa kung ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.